IHSS
IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES
TELEPHONE TIMESHEET SYSTEM



# Elektronikong Pagpapatunay Ng Pagbisita (Electronic Visit Verification)

# Sistema ng Timesheet sa Telepono sa IHSS (Telephone Timesheet System)

# Pagsusuri sa Kasaysayan sa Timesheet ng Tagatanggap (Recipient Timesheet History Review)

Para sa karagdagang tulong mangyaring makipag-ugnay sa IHSS Service Desk sa (866) 376-7066 Lunes hanggang Biyernes mula alas 8 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.



Ang IHSS Telephone Timesheet System (TTS) ay nagbibigay ng katangiang kasaysayan sa timesheet para masuri mo ang nakaraang 3-buwang mga timesheet na inaprubahan o tinanggihan mo.

Upang ma-access ang kasaysayan ng timesheet para sa TTS, i-dial ang **(833) DIAL-EVV o (833) 342-5388**. Sasabihan kang ilagay ang iyong 7-digit na numero ng tagatanggap at ang iyong numero ng passcode. Mahalagang panatilihin mong ligtas ang iyong passcode at huwag ibahagi ang iyong passcode. Pagkatapos ng matagumpay na pag-login, **pindutin ang 2** mula sa Activity Menu upang marinig ang naunang naaprubahan o tinanggihan na mga timesheet.




Kung wala kang ginawang pag-apruba o pagtanggi sa mga timesheet para sa nakaraang 3 buwan, sasabihin ng TTS na:

**“Walang mga ginawang pag-apruba o pagtanggi sa alinmang mga timesheet sa nakaraang tatlong buwan. Kung sa tingin mo ay mali ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county. Mangyaring pindutin ang 8 upang bumalik sa Activity Menu o maaari kang mag-hang up anumang oras.”**

Kung mayroon kang mga pagkilos sa pag-apruba o pagtanggi sa mga timesheet na susuriin para sa nakaraang 3 buwan, sasabihin ng TTS na:

**“Narito ang mga aksyong ginawa sa pag-apruba o pagtanggi sa iyong mga timesheet para sa nakaraang 3 buwan. Sa anumang oras sa panahon ng pagsusuri sa kasaysayan ng timesheet maaari mong pindutin ang ‘8’ upang bumalik sa Activity Menu.”**

Babasahin ng TTS ang mga ito sa pagkakasunud-sunod mula sa pinakabagong timesheet hanggang sa pinakalumang timesheet.

Tandaan: Ang <  > ay magiging impormasyong nauugnay sa iyong tagabigay at ang timesheet na iyong inaprubahan o tinanggihan.

**"**<Tinanggihan o inaprubahan> **mo ang** <Pang-isang Tagabigay, Paunang Bayad> <Inisyal o Karagdagan> **na timesheet para sa programang** <IHSS o WPCS> **na isinumite ng iyong tagabigay** <Pangalan ng Tagabigay> **para sa panahon ng sahod simula sa** <Petsa ng Pagsisimula ng Panahon ng Bayad> **at nagtatapos sa** <Petsa ng Pagtatapos ng Panahon ng Bayad>**."**

Pagkatapos basahin ng TTS ang lahat ng magagamit na timesheet, sasabihin ng TTS na:

**"Wala kang karagdagang pagsusuri sa kasaysayan ng timesheet. Mangyaring pindutin ang '8' upang bumalik sa Activity Menu o maaari mong i-hang up anumang oras."**